

## **Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-7 ng Mayo 2020**

### **UPDATE MULA SA KEMH**

Karagdagang batch ng pitong (7) swabs ay papunta na ng UK para sa pagsusuri sa COVID-19.

Sinabi ng Chief Medical Officer na si Dr Rebecca Edwards na sa kasalukuyan, ang lahat ng indibidwal na nagpakita ng mga sintomas ay naka isolate na at ang resulta ng kanilang swab ay maaaring makuha mula isang linggo o higit pa. Sa mga oras na ito, sila ay nasa mahigpit na self-isolation, kasama ng kanilang mga pangunahing contacts. “Gayunpaman, dahil sa pagsusuri na magagawa dito sa isla, tayo ay makakapagpakawala ng mga indibidwal mula sa isolation ng mas maaga kung ang kanilang mga swabs ay magpapatunay na negatibo para sa COVID-19, gayundin ang kanilang mga pangunahing contacts.”

“Makakatulong ito na mabawasan ang oras na ililiban nila sa trabaho para sa mga taong sintomatiko at sila ay maaaring makabalik sa trabaho sa oras na matapos na kanilang malubhang sakit.”

Kasama sa polisiya ang contact tracing, na kung saan kinikilala kung sino ang mga nakaugnayan ng isang kumpiramdong kaso bago at pagkatapos nilang magpakita ng sintomas.

“Batay sa kung gaano kalapit ang isang taong nakipagugnayan sa isang tao, maaari tayong makapag-decision sa kung sino ang nangangailangan ng pagsusuri bilang prayoridad, at sa kung sino ang nangangailangan ng agarang self-isolation. Ang ibang mga contacts ay maaaring hindi na mag self-isolate ngunit dapat silang magkaroon ng kamalayan at kumilos agad sa kahit anong suspetsang sintomas na maaaring lumabas. Ang polisiya ay nagsasaad din sa kung sino ang kinakailangan na makuhanan ng swab bilang pag-iingat dahil sa pagkakaroon ng contact, at ang proseso para sa karagdagang pagsusuri ng isang kumpirmadong pasyente.

Ang papel mula sa Executive Council na nagdedetalye sa mga polisiyang ito at makikita sa <http://www.fig.gov.fk/assembly>.